| | **TAMANG SAGOT (TS)**<br>**Gabay sa tamang pag-unawa sa PhilHealth Circular** | |
|---|---|---|
| | **Circular No.** | 2025-0006 |
| | **Title** | Flexibility in Claims Submission Deadline for Claims Filed from January 1, 2018 to December 31, 2024 |

| Tanong | Sagot |
|---|---|
| 1. Ano ang saklaw na mga petsa ng patakarang ito? | Sakop ng patakarang ito ang mga claim na naisumite mula Enero 1, 2018 hanggang Disyembre 31, 2024 |
| 2. Anu-anong uri ng claims ang sakop ng patakarang ito? | Ang mga claim na sakop sa patakarang ito ay ang mga denied claim na naisumite mula Enero 1, 2018 hanggang Disyembre 31, 2024 dahil sa late submission. Kabilang dito ang mga claim sa ilalim ng mga sumusunod na tanggapan:<br>1. PhilHealth Regional Office - Benefit Administration Section (PRO-BAS)<br>2. Health Facilities na may hindi inapelang claims<br>3. PhilHealth Regional Office - Claims Review Committee (PRO-CRC)<br>4. Protests and Appeals Review Department (PARD)<br>5. Mga claims na na-deny ng PARD at umabot na sa regular court. Nangangailangan ito na ang pasilidad ay maghahain ng petisyon at pipirma sa isang *Notarized Affidavit of Withdrawal of Pending Court Case for Denied Claims Due to Late Submission of Health Facility*.<br><br>Paunawa: Hindi kasama ang mga claim o kasong may pinal na desisyon na ng regular courts. |
| 4. Sino ang mga maaaring maghain ng re-processing ng denied claims na sinasaklaw ng circular? | Ang mga claims na nai-file na sa tanggapan ng PhilHealth ay awtomatikong nang ipo-proseso. Gayunpaman, ang mga healthcare facility na may denied claims dahil sa late submission ay maaari ding maghain ng kanilang denied claims para muling iproseso. |
| 5. Ano ang tamang proseso sa muling pagsusumite ng mga | • **Para sa mga claims na nasa PRO-BAS**<br>Ang mga claim na ito ay isasailalim sa awtomatikong reprocessing ng PhilHealth. |

| | |
|---|---|
| claim para sa re-processing? | • **Para sa mga claims sa PRO-CRC at PARD**<br>Ang mga claims na ilalim ng tanggapan ay kailangang masuri at naaprubahan muna bago ito ipasa sa PRO-BAS.<br><br>Ang PRO-CRC at PARD ay awtomatikong magsasagawa ng reprocessing para sa mga denied claim.<br><br>Subalit kung may kakulangan sa mga dokumento na naunang naisumite, ito ay iko-coordinate at ibe-verify ng PRO-BAS upang matiyak ang pagiging kumpleto ng mga kinakailangang dokumento<br><br>• **Para sa mga claims mula sa Health Facilities**<br>Para sa mga denied claim, ngunit hindi naipasa sa proseso ng protest o appeal, kinakailangang magsumite ang mga health facility ng isang Transmittal List (Annex A ng Circular) sa PRO-BAS. |
| 6. Ano ang itinakdang deadline para sa pagsusumite ng Transmittal List mula sa Health Facilities? | Ang mga health facilities ay may anim (6) na buwan mula sa bisa ng circular (March 21, 2025) upang ipasa ang kanilang transmittal list, hanggang September 22, 2025. |
| 7. Ano ang magiging epekto kung hindi makapagsumite ng Transmittal List o iba pang mga kinakailangang dokumento ang mga Health Facility? | Ang mga claims na hindi naipasa sa loob ng anim (6) na buwan ay ituturing nang "denied with finality" at hindi na maaaring iproseso muli. |

| | |
|---|---|
| 8. Ano ang magiging epekto kung may mga claim na saklaw ng patakarang ito ngunit hindi naisama sa pagsusumite? | Ang PhilHealth ay magpapadala ng "Reply Notification for Non-Inclusion of Claim Series Numbers" (Annex C) upang ipabatid sa health facilities ang dahilan ng hindi pagkakasaa ng kanilang claim sa reprocessing.<br><br>Maaaring magsumite ang mga health facility ng karagdagang dokumento kung ito ay kinakailangan para sa reprocessing ng kanilang claim. |
| 9. Paano malalaman ng isang health facility kung natanggap na ng PhilHealth ang kanilang isinumiteng Transmittal List?" | Magpapadala ang PhilHealth ng email sa loob ng tatlong (3) araw bilang kumpirmasyon na natanggap na ng opisina ang isinumiteng transmittal list mula sa health facility. |